




CLENPIQ®

(sodium picosulfate, magnesium oxide,
and anhydrous citric acid) INIINOM NA SOLUSYON
10 mg/3.5 g/12 g KADA 160 ML NA BOTE

PAANO INUMIN ANG CLENPIQ: INUMIN, MAG-HYDRATE, ULITIN REHIMEN NG HINATING DOSIS

Sa Gabi Bago ang Pamamaraan

Sa pagitan ng 5-9 PM



Uminom ng 5 o mas maraming tig-8 onsa (oz)
na tasa ng malinaw na mga inumin.*
Ubusin ang mga inumin sa loob ng susunod na 5 oras.

Sa Umaga ng Pamamaraan

5 oras bago ang pamamaraan



Uminom ng 4 o mas maraming tig-8 onsa (oz)
na tasa ng malinaw na mga inumin.
Ubusin ang mga inumin 2 oras bago ang iyong
colonoscopy o ayon sa payo ng iyong doktor.



**Mahalaga ang pag-hydrate at bahagi ito ng paghahanda.
Siguraduhing mag-hydrate bago, habang, at pagkatapos ng paghahanda.**

Katulong sa Paghahanda

Ang oras ng iyong colonoscopy ay _____:_____

Kumpletuhin ang iyong paghahanda at lahat ng pag-hydrate pagdating ng _____:_____

1

**SA ARAW BAGO
ANG COLONOSCOPY,
itigil ang lahat ng
solidong pagkain
at produkto mula
sa gatas, at simulan
ang pag-hydrate sa
pamamagitan ng pag-
inom ng malinaw
na inumin.**



2

Gabi bago ang iyong colonoscopy

- Inumin ang isang bote ng CLENPIQ
 Mag-hydrate

Uminom ng 5 o mas maraming tig-8 onsa (oz) na
tasa ng malinaw na inumin.



Simula: _____:_____

Pagtatapos: _____:_____

Markahan agad ang mga tasa kapag natapos mo
ang mga ito!

3

(5 oras bago ang oras ng colonoscopy)

- Inumin ang isa pang bote ng CLENPIQ
 Mag-hydrate

Uminom ng 4 o mas maraming tig-8 onsa (oz) na
tasa ng malinaw na inumin.



Simula: _____:_____

Pagtatapos: _____:_____

Markahan agad ang mga tasa kapag natapos mo
ang mga ito!

*Pagkatapos ng iyong unang dosis, kung mangyari ang malubhang pagbundat, pamimintog, o pananakit ng tiyan, antalahin ang pangalawang dosis hanggang mawala ang mga sintomas.
Mangyaring tingnan ang likod na pahina para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CLENPIQ, sa kahalagahan ng pagdiyeta ng malinaw na mga inumin, at pag-hydrate.

INDIKASYON

CLENPIQ® ay isang inireresetang gamot na ginagamit ng mga matanda at mga bata na mas matanda sa 9 na taong gulang upang linisin ang malaking bituka bago ang colonoscopy. Nililinis ng CLENPIQ ang iyong malaking bituka sa pamamagitan ng pagdulot sa iyo ng pagtatae. Ang paglilinis sa iyong malaking bituka ay nakakatulong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na makita ang loob ng iyong malaking bituka nang mas malinaw sa panahon ng iyong colonoscopy.

MAHALAGANG IMPORMASYON SA KALIGTASAN

- Huwag uminom ng CLENPIQ kung sinabi sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na mayroon kang mga seryosong problema sa bato, pagbara sa bituka (bowel obstruction), isang bukanan sa loob ng iyong tiyan o bituka (pagkabutas ng bituka), sobrang nakabukang bituka (toxic megacolon), mga problema sa pag-alis ng pagkain at pluwido mula sa iyong tiyan (gastric retention), o allergy sa anumang mga sangkap ng CLENPIQ.
- Ang CLENPIQ at mga iba pang mga gamot sa paghahanda sa bituka ay maaaring magdulot ng mga malubhang hindi mabuting pangyayari, kabilang ang seryosong pagkawala ng pluwido sa katawan (pagkatuyo ng tubig sa katawan) at mga pagbabago sa mga asin sa dugo (mga electrolyte) sa iyong dugo. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring maging sanhi ng mga hindi normal na pagtibok ng puso na maaaring magresulta sa pagkamatay, mga kombulsyon (puwede itong mangyari kahit hindi ka pa kailanman nagkaroon ng kombulsyon), o mga problema sa bato. Ang posibilidad na magkaroon ka ng pagkawala ng pluwido at mga pagbabago sa mga asin sa dugo sa CLENPIQ ay mas mataas kung mayroon kang mga problema sa puso, mayroong mga problema sa bato, o umiinom ng mga tableta na pantanggal ng tubig sa katawan o mga non-steroidal anti-inflammatory drug (NSAIDS).

Tingnan ang Mahalagang Impormasyon sa Kaligtasan na ipinagpatuloy sa likod.



CLENPIQ®

(sodium picosulfate, magnesium oxide,
and anhydrous citric acid) INIINOM NA SOLUSYON
10 mg/3.5 g/12 g KADA 160 ML NA BOTE

ANO ANG CLENPIQ?

Ang CLENPIQ ay isang inireresetang gamot na panlinis sa iyong malaking bituka. Handa na ang CLENPIQ para inumin mo ito mismo mula sa bote. Hindi na ito kailangang haluin o ipalabnaw. Huwag ilagay sa refrigerator o freezer ang CLENPIQ.

Ano ang nasa kahon ng CLENPIQ?



Dalawang bote ng CLENPIQ
(5.4 oz bawat isa)



Isang 8 oz tasa para sa pag-inom
ng mga malinaw na inumin



Ang Gabay sa Gamot ng Pasyente at ang mga
Tagubilin sa Paggamit para sa iyong sanggunian

Simulan ang Pag-hydrate

Sa araw bago ang iyong colonoscopy, simulan ang pag-hydrate sa pamamagitan ng pag-inom ng malinaw na mga inumin lamang at pagtigil sa lahat ng solidong pagkain at produkto mula sa gatas.

Siguraduhing mag-hydrate bago, habang, at pagkatapos ng paghahanda.
Sundin nang kumpleto ang mga tagubilin ng iyong doktor.

MGA TANGGAP NA MALINAW NA INUMIN PARA SA PAG-HYDRATE

Tubig	Ginger ale at iba pang mga soda
Kapeng barako o tsaa	Malilinaw na katas ng prutas: gaya ng katas ng mansanas o puting ubas
Malinaw na sabaw o bouillon	Simpleng Jell-O
Inuming pampalakasan	Pinayelong popsicle ng katas ng prutas



ANG MGA INUMIN AY HINDI PWEDENG PULA O KULAY LILA. HUWAG KUMONSUMO NG ANUMANG ALAK, SAPAL NG PRUTAS, GATAS, CREAM, SOY O CREAMER NA HINDI PRODUKTO MULA SA GATAS, O MGA IBA PANG INUMIN NA HINDI MALINAW.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang CLENPIQ.com

MAHALAGANG IMPORMASYON SA KALIGTASAN (PAGPAPATULOY)

- Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magsagawa ng mga pagsusuri sa dugo pagkatapos mong inumin ang CLENPIQ upang suriin kung may pagbabago sa iyong dugo. Sabihin kaagad sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito na nagreresulta mula sa pagkawala ng masyadong maraming pluwido sa katawan (pakatuyo ng tubig sa katawan): pagsusuka, pagduduwal, pagbundat, pagkahilo, pamumulikat sa sikmura (tiyan), mas madalang na pag-ihi kaysa sa normal, problema sa pag-inom ng malinaw na inumin, problema sa paglunok, kombulsyon, o mga problema sa puso.
- Ang CLENPIQ ay maaaring maging sanhi ng mga ulser sa bituka o mga problema sa bituka (ischemic colitis). Sabihin kaagad sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang malubhang pananakit sa may sikmura (tiyan) o pagdurugo sa puwit.
- Kabilang sa mga pinaka-karaniwang side effect ng CLENPIQ sa mga nasa hustong gulang ay ang pagduduwal, pananakit ng ulo, matataas na antas ng magnesium sa iyong dugo, pagkatuyo ng tubig sa katawan o pagkahilo at pananakit sa sikmura (tiyan). Kabilang sa mga pinaka-karaniwang side effect ng CLENPIQ sa mga batang 9 hanggang 16 na taong gulang ay ang pagduduwal, pagsusuka at pananakit sa sikmura (tiyan). Hindi lang ito ang lahat ng mga posibleng side effect ng CLENPIQ. Magtanong sa iyong doktor o parmasyutiko para sa higit pang impormasyon.

Hinihikayat kang iulat ang negatibong mga side effect ng mga inireresetang gamot sa FDA. Bisitahin ang www.fda.gov/medwatch, o tumawag sa 1-800-FDA-1088.

Mangyaring tingnan ang nakalakip na kumpletong Impormasyon sa Pagrereseta, kabilang ang Gabay sa Gamot.